

# Ukol sa Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral sa High School

## Ang iyong hangarin at inaasam ay mabibigyan na ng tulong!

Mula Abril ng taong 2014, ang sistemang "Tulong-Pantustos Para sa Pag-aaral sa High School" ay magbabago na.

- Sa panibagong sistema ay mapagkakalooban ng tulong-pantustos na gagamitin bilang pangmatrikula sa high school, pampubliko man o pribado, ang sambahayang nagbabayad ng ¥304,200 pababang municipal graded income tax (per-income basis), o may taunang kita na humigit-kumulang ¥9,100,000 pababa. ※1  
Para matanggap ang "tulong-pantustos", kakailanganin ang pagsumite ng application form at tax certificate (nakasulat dito ang halaga ng municipal graded income tax). Subalit, mapa-pampubliko man o pribado ang paaralan, ang sariling pangmatrikula ay babalikatin kapag ang municipal graded income tax (per-income basis) ay hihigit sa ¥304,200.

Ang maximum na halaga ng tulong-pantustos ay ¥9,900 bawat buwan sa full-time high school. [¥2,700 sa part-time public high school, ¥520 sa correspondence high school, at ¥9,900 sa private part-time o correspondence high school.] Depende ang halaga para sa credit-based high school.

- May karagdagang tulong-pantustos sa sambahayang may nag-aaral sa private high school at ang municipal graded income tax(per-income basis) nito ay tulad ng nakasaad sa ibaba:


¥0 (tax-exempted) (may taunang kitang ¥2.5 M at pababa)	2.5 beses (kung full-time high school ay ¥24,750/buwan)
~¥51,300 at pababa (may taunang kitang ¥2.5 M - ¥3.5 M)	2 beses (kung full-time high school ay ¥19,800/buwan)
~¥154,500 at pababa (may taunang kitang ¥3.5 M - ¥5.9 M)	1.5 beses (kung full-time high school ay ¥14,850/buwan)

- Makikinabang sa panibagong sistema ang mga papasok sa paaralan mula Abril ng taong 2014. Ang mga nag-aaral na hanggang taong 2013 ay makikinabang sa lumang sistema (※2).

※1 Ibatatay sa halaga ng kabuuang **municipal graded** income tax (per-income basis) ng mga guardian (o ng mga may karapatang mangalaga sa mag-aaral). Bukod dito, ang taunang kita ay isang halimbawa lamang ng isang pamilya na may apat na miyembro kung saan may isa sa mga magulang ay nagtatrabaho, isang estudyante sa high school(16 yrs old pataas), at isang estudyante sa junior high school.

※2 Ang pampublikong paaralan ay may sistema ng hindi pangungolekta ng matrikula. At ang pribadong paaralan naman ay may sistema ng pagbibigay ng tulong-pantustos (¥19,800/buwan sa full-time high school na may sambahayang may taunang kitang ¥2.5M pababa, ¥14,850/buwan para sa may taunang kitang ¥2.5M-¥3.5M at ¥9,900/buwan para sa may taunang kitang ¥3.5M pataas). Ang tulong-pantustos na ipinaliliwanag dito ay hindi magdaragdag ng ng higit pa sa kasalukuyang sistema ng tulong-pantustos sa mga sambahayang mababa ang income.

### Daloy ng Tulong-Pantustos



\* Ang tagapagtatag ng prefectural high school ay ang prepektura. Sa kaso ng national high school, direktang ipapadala ng pamahalaan ang halaga.

# Tanong at Sagot tungkol sa Sistema ng Tulong-Pantustos sa Pag-aaral sa High School

## Q1. Ano ang binago sa lumang sistema?

Sa lumang sistema, malaki ang gap ng panggastos sa pagitan ng mga estudyanteng pumapasok sa pampubliko at pribadong high school. At malaki rin ang problema sa panggastos sa pag-aaral na binabalik ng magulang na may mababang taunang kita. Sa panibagong sistema, ang may municipal graded income tax(per-income basis) na ¥304,200 pataas ay sariling bumabalik sa matrikula. Ngunit dahil sa pagdagdag ng suportang pantustos, ang mga estudyante sa pribadong high school ay makakapamilya na ng kursong nais kunin anuman ang pinansyal na sitwasyon ng sambahayan.

## Q2. Sino ang maaaring makinabang sa tulong na ito?

Makikinabang pa rin ang mga estudyante sa pampublikong paaralan na may sistema ng hindi pangungolekta at pribadong paaralang may sistema ng pagbibigay ng tulong-pantustos (full-time, part-time at correspondence school), the latter course ng secondary educational schools, high school section ng mga special support schools, vocational high schools (na may 1-3 taon), advanced course sa specialized training colleges. Bukod dito, makikinabang din ang mga estudyante sa mga general courses sa specialized training colleges at iba-ibang school na itinalaga ng gobyerno para sa training ukol sa mga national kuwalipikasyon. Karagdagan pa, ang mga estudyante ng high school section sa mga paaralan sa ibang bansa na kinikilala ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology ng Japan.

Subalit ang mga nakasaad sa ibaba ay hindi maaaring makinabang sa sistema.

- Mga nagtapos na ng high school o kaya ay 3 taon na ay hindi pa nagtatapos sa pag-aaral (4 na taon sa part-time at correspondence school)
- Mga estudyante sa advanced course at special course, mga credited auditors at auditing students.
- Ang may sambahayang may municipal graded income tax(per-income basis) na higit sa ¥304,200.

## Q3. Ano ang mga kinakailangang proseso upang makatanggap ng tulong-pantustos sa pag-aaral?

Para makatanggap ng tulong-pantustos ay kinakailangang magsumite ng application form (pinamimigay sa paaralan) at tax certificate kung saan nakatala ang income tax (makukuha sa tanggapan ng pamahalaan). Para sa papasok sa taong 2014, ang pagsumite ng application ay sa buwan ng Abril. Ang lugar ng pagpapadalhan ay naayon sa nakatalagang prepektura.

## Q4. Sino ang direktang tatanggap ng tulong-pantustos sa pag-aaral?

Sa halip na ang mag-aaral, ang tagapagtatag ng paaralan (prepektura, organisasyon ng paaralan, atbp.) ang direktang tatanggap ng pantustos-pangmatrikula. Ang balanseng matitira kapag ibinawas ang tulong-pantustos sa halaga ng matrikula ay babalikatin ng mag-aaral (o ng magulang). Depende sa magiging paaralan, maaaring kolektahin nang buo ang matrikula at tanggapin sa huli ang pantustos na matatanggap.

## Q5. Bukod sa tulong-pantustos sa pag-aaral, ano pang suporta ang mayroon?

Upang mabawasan ang binabalik na gastusin sa paaralan bukod sa matrikula ay may scholarship na ibinibigay kung mapapabilang sa sambahayang may mababang income. Pakatandaang ang halagang matatanggap ay ayon sa kung magkano ang ibibigay ng prepektura dahil ang gobyerno ay sumusuporta lamang sa kaayusan ng bawat prepektura.

■ Depende sa prepektura, maaaring mayroon ang iba pang sistema para mabawasan ang pantustos sa matrikula. Para sa katanungan ukol sa bawat prepektura, pakisuyong bisitahin ang homepage na nakasaad sa ibaba.

Pagbibigyan ng Katanungan: Hotline ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology, the Elementary and Secondary Education Bureau, Office for Financial Support in Upper Secondary Education  
(Lunes – Biyernes 10:00~17:00)

Telepono 03-6734-3176 E-mail [mushouka@mext.go.jp](mailto:mushouka@mext.go.jp)

Homepage: [http://www.mext.go.jp/a\\_menu/shotou/mushouka/index.htm](http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/mushouka/index.htm)

文部科学省 就学支援金

検索



文部科学省

MINISTRY OF EDUCATION,  
CULTURE, SPORTS,  
SCIENCE AND TECHNOLOGY-JAPAN